TAGALOG - 210

# Mga Karapatan

## Na Hinihiling ng Kalikasan ng Tao At Kinikilala ng Batas ng Islam

Co-operative office for Call & foreigners Guidance at Sultan

The Co-operative Office for Call & foreigners Guidance at Sultanah
Under the supervision of Ministry of Islamic Affairs and Endowment and Call and Guidance
Tel. 4240077 Fax 4251005 P.O. Box 92675 Riyadh 11663 E-mail: Sultanah22@hotmail.com

# حقوق دعت إليها الفطرة وقررتها الشريعة

أعده وترجمه للغة التجالوج

## شعبة توعية الجاليات بالزلفي

الطبعة الثانية ٦/١٤٢٠

ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي ، ١٤١٨

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

العثيمين ، محمد بن صالح

حقوق دعت إليها الفطرة وقررتها الشريعة – الزلفي

٣٦ ص ١٧/١٢ سم

ردمك : ٨-٣٩-٨١٣-٩٩٦٠

(النص باللغة التجالوج )

١- الأخلاق الإسلامية ٢- الإسلام والمجتمع

٣- الإسلام والفطرة أ- العنوان

ديوي ٢١٢ ١٨/٠٠٤٠

رقم الأيداع : ١٨/٠٠٤٠

ردمك : ٨-٣٩-٨١٣-٩٩٦٠

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات بالزلفي

بسم الله الرحمن الرحيم

# Mga Karapatan
## na Hinihiling ng Kalikasan ng Tao at Kinilala ng Batas ng Islam

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allah. Nagpupuri tayo sa Kanya, humihingi tayo ng tulong sa Kanya, at humihingi tayo ng kapatawaran sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allah laban sa mga kasamaan ng ating mga sarili at mga masasama sa ating mga gawa. Ang sinumang patnubayan Niya ay walang makapagliligaw rito; at ang sinumang iligaw Niya ay walang makapagpapatnubay rito. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah lamang, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Kanyang Lingkod at Kanyang Sugo. Pagpalain at pangalagaan siya ni Allah at gayon din ang kanyang mga mag-anak, ang kanyang mga Kasama, at ang sinumang sumunod nang maigi sa kanila.

Tunay na ilan sa mga kagandahan ng Batas ni Allah ay ang pagsasaalang-alang sa katarungan at ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito nang walang pagpapalabis at walang pagkukulang. Tunay na si Allah ay nag-uutos na itaguyod ang katarungan, ang paggawa ng magaling, at ang pagbibigay sa mga kamag-anak. Dahil sa katarungan ay isinugo ang mga sugo, ibinaba ang mga banal na aklat, at nanatili ang lahat ng bagay sa Mundo at sa Kabilang-buhay.

Ang katarungan ay ang pagbibigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito at ang pagluluklok ng bawat may kalagayan sa kalagayang ukol dito. At hindi maisasakatuparan iyon kung hindi

sa pamamagitan ng kaalaman hinggil sa mga karapatang ibinibigay sa karapat-dapat sa mga ito. Dahil doon, isinulat natin ang lathalain na ito upang ilahad ang mga mahahalaga sa mga karapatang iyon nang sa gayon ay maisagawa ng isang lingkod ni Allah ang kanyang nalaman sa mga ito sa abot ng makakaya. Mabubuod ang mga ito sa sumusunod:

1. Ang mga karapatan ni Allah,
2. Ang mga karapatan ng Propeta ni Allah (SAS),[1]
3. Ang mga karapatan ng mga magulang,
4. Ang mga karapatan ng mga anak,
5. Ang mga karapatan ng mga kamag-anak,
6. Ang mga karapatan ng mag-asawa,
7. Ang mga karapatan ng namumuno at nasasakupan,
8. Ang mga karapatan ng mga kapit-bahay,
9. Ang mga karapatan ng mga Muslim sa kabuuan,
10. Ang mga karapatan ng mga hindi Muslim.

Ito ang mga karapatang ninanais nating talakayin nang maigsi.

## 1. Ang mga Karapatan ni Allah

Ang karapatang ito ang pinakamataas sa mga karapatan, ang pinakadapat gampanan, at ang pinakamalaki sapagkat ito ay karapatan ni Allah, ang Tagapaglikha, ang Pinakadakila, ang Nagmamay-ari, at ang Tagapangasiwa ng lahat ng bagay. Ito ang karapatan ng Tunay na Hari, ang Naglilinaw, ang Buháy, ang Tagapag-aruga na sa pamamagitan Niya ay nananatili ang mga langit at lupa at na siyang lumikha sa bawat bagay at nagtakda rito ng pagtatakdang sa pamamagitan ng masaklaw na karunungan.

---

[1] (SAS): S̲allalláhu 'Alayhi wa Sallam: Sumakanya ang pagpapala at kapayapaan ni Allah. Binabanggit ito sa tuwing tinutukoy si Propeta Muhammad (SAS).

Ito ang karapatan ni Allah na lumikha sa iyo mula sa wala noong ikaw ay hindi pa isang bagay na nababanggit. Ito ang karapatan ni Allah na nag-alaga sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang mga biyaya samantalang ikaw ay nasa tiyan pa ng iyong ina sa loob ng tatlong tabing ng kadiliman,[1] noong hindi pa makakaya ng isa man sa mga nilikha na iparating sa iyo ang iyong pagkain at ang mga sangkap ng paglaki mo at buhay mo. Dinulutan Niya ng gatas para sa iyo ang dalawang dibdib. Itinuro Niya sa iyo ang tama at mali. Itinalaga Niya para sa iyong kapakanan ang iyong mga magulang. Tinulungan ka Niya at inihanda ka Niya. Pinagkalooban ka Niya ng mga biyaya, isip at pang-unawa, at inihanda ka Niya upang tanggapin iyon at pakinabangan iyon. **"At si Allah ay nagpaluwal sa inyo mula sa tiyan ng inyong mga ina samantalang wala kayong nalalamang anuman. At gumawa Siya para sa inyo ng pandinig, mga paningin, at mga puso nang harinawa kayo ay magpasalamat."** (16:78)

Kaya naman kung hahadlangan Niya sa iyo ang kagandahang-loob Niya kahit sa isang kisap mata lamang, tiyak na mamamatay ka; at kung ipagkakait Niya sa iyo ang Kanyang awa kahit sa isang saglit lamang, tiyak na hindi ka mabubuhay. Samakatuwid, kapag ganito ang kagandahang-loob ni Allah sa iyo at ang Kanyang awa sa iyo, ang Kanyang karapatan sa iyo ay ang pinakamalaki sa lahat ng mga karapatan sapagkat iyon ay karapatang bunga ng paglikha Niya sa iyo, paghahanda Niya sa iyo, at pagtulong Niya sa iyo. Tunay na hindi Niya hinahangad buhat sa iyo ang anumang kaloob o pagkain: **"...Hindi Kami humihingi sa iyo ng kaloob, Kami ay nagkakaloob sa iyo. At ang *magandang* kahihinatnan ay ukol sa *mga may* pangingilag na magkasala."** (20:132)

[1] [illegible] dingding ng matris (*uterine wall*) at dingding ng tiyan (*abdominal wall*).

Ang ninanais Niya lamang sa iyo ay isang bagay na ang dulot na kabutihan ay babalik din sa iyo; ninanais Niya mula sa iyo na sambahin mo Siya—tanging Siya lamang at walang katambal sa Kanya. **"At hindi Ko nilikha ang jinni at ang tao kung hindi upang sambahin nila Ako. Hindi Ako nagnanais buhat sa kanila ng kaloob at hindi Ako nagnanais na pakainin nila Ako. Tunay na si Allah ang Tagapagkaloob, ang Nagtataglay ng matatag na lakas."** (51:56-58) Ninanais niya mula sa iyo na maging isang mananamba sa Kanya ayon sa lahat ng kahulugan ng pagsamba, yayamang Siya ang iyong Panginoon ayon sa lahat ng kahulugan ng Pagkapanginoon. Dapat kang maging mananamba na nagpapakaaba sa Kanya, nagpapakumbaba sa Kanya, sumusunod sa Kanyang utos, umiiwas sa Kanyang ipinagbawal, at naniniwala sa Kanyang ipinagbigay-alam sapagkat nakikita mo ang mga biyaya Niya sa iyo na sagana at sunod-sunod. Kaya hindi ka ba mahihiya na gantihan ang mga biyayang ito ng kawalang-utang na loob?

Kung sakaling may isang tao na nakagawa ng kagandahang loob sa iyo, tiyak na mahihiya ka na tapatan siya ng pagsuway at hayagang salungatin siya. Kaya papaano na lamang ang iyong Panginoon na ang bawat biyaya sa iyo ay buhat sa Kanyang biyaya at ang bawat naaalis sa iyo na kapinsalan ay dahil sa Kanyang awa? **"At ang anumang nasa inyo na biyaya ay buhat kay Allah at pagkatapos kapag dinapuan kayo ng kapinsalaan ay sa Kanya kayo humihiyaw sa pagdaing."** (16: 53)

Tunay na ang karapatang ito na iniukol ni Allah sa Kanyang sarili ay talagang madali at magaan gampanan para sa sinuman na ginawa ni Allah na ito ay maging madali. Iyon ay sapagkat ang pagganap nito ay hindi ginawan ni Allah ng pahirap, pighati, at bigat. Sinabi ni Allah (22:78): **"At makibaka kayo alang-alang kay Allah nang nararapat na pakikibaka para sa Kanya. Siya**

**ang humirang sa inyo, at hindi Siya nag-atang sa inyo ng anumang pahirap sa Relihiyon, na paniniwala ng inyong amang si Abraham. Siya ay tumawag sa inyo na mga Muslim noon pa man at sa *Qur'an na* ito, upang ang Sugo ay maging saksi sa inyo at kayo naman ay maging mga saksi sa mga tao. Kaya pangalagaan ninyo ang pagdarasal at magbigay kayo ng zakáh at magpakandili kayo kay Allah. Siya ang inyong Tagatangkilik —kay inam na Tagapagtangkilik at kay inam na Kakampi!"**

Ang paniniwalang ito sa karapatan ni Allah ay ideyal na paniniwala, pagsampalataya sa katotohanan, matuwid na gawang namumunga. Ito ay paniniwalang ang sangkap ay ang pag-ibig at ang pagdakila, at ang bunga nito ay ang katapatan, ang pagsisigasig, at limang ulit na pagdarasal sa araw at gabi na sa pamamagitan ng mga ito ay pinapawi ni Allah ang mga kasalanan, itinataas Niya ang mga antas, at pinabubuti Niya ang mga puso at mga kalagayan. Gagawin ng isang mananamba ang mga pagsamba ayon sa kanyang kakayahan (64:16): **"Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah sa abot ng inyong makakaya;..."**

**Ang pagdarasal.** Nagsabi ang Propeta (SAS) kay 'Imrán ibnu Husayn noong may sakit ito: **"Magdal ka na nakatayo, ngunit kung hindi mo makaya ay paupo, ngunit kung hindi mo rin makaya ay pahiga na nakatagilid."**

**Ang pagbibigay ng Zakáh.** Ito ay isang maliit na bahagi buhat sa iyong pag-aari na ibinibigay mo para sa pangangailangan ng mga kapwa Muslim: para sa mga maralita, mga dukha, mga manlalakbay, mga may pagkakautang, at iba pang karapat-dapat na tumanggap ng zakah.

**Ang pag-aayuno.** Ito ay sa loob ng isang buwan sa isang taon (2:185): **"...at ang sinuman sa inyo na may-sakit o nasa isang paglalakbay ay *mag-aayuno ng katumbas na* bilang mula sa**

**ibang mga araw...."** Ang sinumang hindi makayang mag-ayuno sanhi ng permamenteng kapansanan ay magpapakain ng isang dukha para sa bawat araw na hindi napag-ayunuhan.

**Ang *hajj* sa Banal na Bahay (ni Allah).** Ito ay isang beses sa tanang buhay para sa may kakayahan.

Ito ang mga pangunahin sa karapatan ni Allah. Ang iba pa rito ay tungkuling gagampanan sanhi ng di-karaniwang pangyayari gaya ng pakikibaka sa landas ni Allah o sanhi ng mga kadahilanan na tinatawag ng pangangailangan gaya ng pagsaklolo sa naaapi.

Tingnan mo kapatid ang karapatang ito na madaling gampanan na marami ang gantimpala; kapag ginampanan mo ito magiging maligaya ka sa Mundo at sa Kabilang-buhay, maliligtas ka sa Impiyerno at papasok ka sa Paraiso. **"...Kaya ang sinumang hinango sa Apoy at ipinasok sa Paraiso, tunay na nagtagumpay nga siya. Ang buhay sa Mundo ay isa lamang mapanlinlang na kasiyahan."** (3:185)

## 2. Ang Karapatan ng Sugo ni Allah

Ang karapatang ito ay ang pinakamalaki sa mga karapatan ng mga nilikha sapagkat walang karapatang ukol sa isang nilikha ang higit na malaki pa kaysa sa karapatan ng Sugo ni Allah (SAS). Sinabi ni Allah (48:8-9): **"Tunay na Kami ay nagsugo sa iyo bilang saksi, tagapaghatid ng nakalulugod na balita, at tagapagbabala, upang sumampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang Sugo, tumulong kayo rito, magpitagan kayo rito,..."** Dahil doon kailangang iuna ang pagmamahal sa Propeta (SAS) kaysa sa pagmamahal sa lahat ng mga tao, kahit sa sarili, anak, at magulang pa. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Hindi sumasampalataya ang sinuman sa inyo hangga't hindi ako ang***

***higit na mahal niya kaysa sa kanyang anak, kanyang magulang, at sa lahat ng mga tao."***

Kabilang sa mga karapatan ng Propeta ni Allah (SAS) ay na pagpitaganan siya, igalang siya, dakilain siya ng pagdakilang naaangkop sa kanya nang walang pagpapalabis at walang pagkukulang. Ang pagpipitagan sa kanya habang nabubuhay pa siya ay ang pagpipitagan sa kanyang Sunnah at sa kanyang marangal na pagkatao. Ang pagpipitagan sa kanya matapos na siya ay yumao ay ang pagpipitagan sa kanyang Sunnah at sa kanyang matutuwid na panuntunan. Ang sinumang nakakita sa paggalang ng mga Sahábí[1] (RA)[2] at pagdakila nila sa Sugo (SAS), malalaman niya kung paanong ginampanan ng mga kapita-pitagan at magaling na mga taong ito ang tungkulin nila sa Sugo ni Allah (SAS). Nagsabi si 'Urwah ibnu Mas'úd sa mga Quraysh, noong naisugo nila siya upang makipag-usap sa Propeta (SAS) hinggil sa kasunduang pangkapayapaan ng Hudaybíyah: "Nakapunta na ako sa mga hari: sa Khosrau (Emperador ng Persia), Caesar (Emperador ng Byzantine), at Negus (Hari ng Ethiopia) ngunit wala akong nakitang may isang taong iginalang ng kanyang mga kasama na tulad ng paggalang ng mga kasama ni Muhammad kay Muhammad. Kapag nag-utos siya sa kanila, kaagad nilang sinusunod ang utos niya; at kapag nagsagawa siya ng *wudú'*, halos pag-awayan nila ang tubig na ginamit niya sa kanyang *wudú'*; kapag nagsalita siya, ibinababa nila ang kanilang tinig sa kanyang harap at hindi nila

[1] Kasama ng Propeta. Ang sinumang nakakita sa Propeta, sumampalataya sa Islam at namatay na isang Muslim ay tinatawag na Sahábí.

[2] (RA): *Radiyalláhu 'Anhu* para sa lalaki, *Radiyalláhu 'Anhá* para sa babae, *Radiyalláhu 'Anhum* para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng Kasama o asawa ni Propeta Muhammad (SAS). Itinuturing ang isang tao na kasama ng Sugo (SAS) kung nakatagpo niya ito, naniwala sa Islam at namatay sa Islam.

tinataliman ang tingin sa kanya bilang paggalang sa kanya." Ganyan nila siya dinadakila, nawa'y malugod si Allah sa kanila. Itinatak ni Allah sa kanyang kalikasan ang marangal na mga kaasalan, ang kahinahunan at ang kaiga-igayang pagkatao sapagkat kung siya ay mabagsik at matigas ang puso, tiyak na nagsilayuan na sana sila sa kanyang paligid.

Kabilang pa sa mga karapatan ng Propeta (SAS) ay ang paniwalaan siya sa ipinabatid niya hinggil sa mga bagay na nagdaan na at sa mangyayari pa; ang sundin ang anumang ipinag-utos niya; ang iwasan ang anumang ipinagbawal at sinaway niya; at ang sumampalataya na ang kanyang patnubay ay ang pinakaganap na patnubay, ang batas niya ay ang pinakaganap sa lahat ng mga batas at na hindi pangingibawin dito ang anumang batas o patakaran maging anuman ang pinanggalingan niyon. **"Kaya hindi nga, sumpa man sa iyong Panginoon, hindi sila sumasampalataya hangga't hindi ka nila ginagawang tagahatol sa anumang hidwaang namamagitan sa kanila, at pagkatapos ay hindi sila nakasusumpong sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang ihinusga mo at nagpapasakop sila nang tunay na pagpapasakop."**(4:65); **"Sabihin mo: "Kung kayo ay talagang umiibig kay Allah ay sundin ninyo ako; iibigin kayo ni Allah at magpapatatawad Siya sa inyo ng inyong mga pagkakasala." At si Allah ay Mapagpatawad, Maawain."** (3:31)

Kabilang pa sa mga karapatan ng Propeta (SAS) ay ang ipagtanggol ang kanyang Batas at ang kanyang patnubay sa abot ng lakas na makakaya ng isang tao alinsunod sa kung anong sandata ang hinihiling ng kalagayan. Kaya kapag ang kaaway ay umaatake sa pamamagitan ng mga argumento at mga panliligaw, ang pagtatanggol niyon ay sa pamamagitan ng kaalaman, pagpapabula sa kanyang mga argumento at mga panliligaw, at

paglilinaw sa kasiraan ng mga naturan. Subalit kung umaatake siya sa pamamagitan ng sandalt at mga kanyon, ang pagtatanggol niyon ay sa pamamgitan ng katulad din ng mga ito.

Hindi magagawa ng isang tunay na mananampalataya na makarinig ng tumutuligsa sa Batas ng Propeta (SAS) o sa marangal na pagkatao nito at mananahimik na lamang hinggil doon kung mayroon siyang kakayahang magtanggol.

## 3. Ang mga Karapatan ng mga Magulang

Walang sinumang nagkakaila sa kagandahang-loob ng mga magulang sa mga anak nila. Ang mga magulang ang dahilan ng paglitaw ng anak kaya mayroon silang malaking karapatan sa kanya. Inalagaan nila siya noong maliit pa siya, nagpakahirap sila para sa kaginhawan niya, at nagpuyat sila upang makatulog siya.

Dinala ka ng iyong ina sa tiyan niya sa loob at nabubuhay ka na nakikihati sa pagkain niya at sa kapinsalaan ng kalusugan niya, sa loob ng siyam na buwan sa karaniwan. Ipinahiwatig iyon ni Allah sa Kanyang sinabi (31:14): **"...dinala siya ng kanyang ina** ***sa sinapupunan*** **na nanghina nang nanghina..."** At pagkatapos naman nito ay ang pag-aalaga at ang pagpapasuso sa loob ng dalawang taon kalakip ang pagod, ang pagtitiis, at ang hirap. Ang ama ay ganoon din: nagsisikap siya para buhayin ka at pakainin ka mula sa iyong pagkabata hanggang sa marating mo ang tamang gulang para mabuhay nang sarili. Nagsisikap siya na pag-aralin ka at patnubayan ka habang ikaw ay wala pang kakayahang makagawa ng masama o mabuti sa iyong sarili. Dahil doon ay inatasan ni Allah ang anak na gumawa ng kagalingan sa mga magulang bilang pasasalamat sa kanila. Nagsabi Siya (31:14): **"At nagtagubilin**

**Kami sa tao kaugnay sa kanyang mga magulang —dinala siya ng kanyang ina *sa sinapupunan* na nanghina nang nanghina at ang pag-awat sa kanya ay sa loob ng dalawang taon—na magpasalamat ka sa Akin at sa iyong mga magulang; sa Akin ang hantungan."** Sinabi pa Niya (17:23-24): **"...at sa mga magulang ay gumawa ng magaling. Kung inabot nga sa iyong piling ng isa sa kanila o nilang dalawa ang katandaan ay huwag kang magsabi sa kanila ng pabalang na salita at huwag mo silang bulyawan, datapuwa't ay magsabi ka sa kanila ng marangal na salita."**

Tunay na karapatan sa iyo ng iyong mga magulang na maging mabait ka sa kanila at iyon ay sa pamamagitan ng paggawa ng magaling sa kanila sa salita at sa gawa sa pamamagitan ng pagtulong at paglilingkod sa kanila. Susundin mo ang kanilang utos na walang pagsuway kay Allah at walang dulot na kapinsalaan sa iyo. Maging banayad ka sa pakikipag-usap sa kanila, maging magiliw ka sa kanila, at paglingkuran mo sila sa paraang nauukol sa kanila. Huwag kang manghinawa sa kanila kapag sila ay tumanda, nagkasakit, at nanghina. Huwag mong isiping pabigat iyon na mula sa kanila sapagkat ikaw ay magiging nasa kalagayan din nila. Magiging magulang ka rin kung papaanong siya ay naging mga magulang. Sasapitin mo rin ang katandaan sa piling ng iyong mga anak, kung itinakda sa iyo na mabuhay nang matagal, kung papaanong sinapit nila ang katandaan sa piling mo. Kakailanganin mo rin ang kabaitan ng iyong mga anak kung papaano nilang kinailangan ang iyong kabaitan. Kung nagawa mong maging mabait sa kanila, magalak ka sa naghihintay sa iyo na masaganang gantimpala at kaukulang pabuya. Ang sinumang naging mabait sa kanyang mga magulang, magiging mabait rin sa kanya ang kanyang mga anak; ang sinumang naging suwail sa magulang, magiging

suwail din sa kanya ang kanyang mga anak. Ang ganti ay kauri ng ginawa. Gaya ng ginawa mo ang gagawin sa iyo.

Tunay ngang ginawa ni Allah ang antas ng karaptan ng mga magulang na isang malaki at mataas na antas sapagkat ginawa Niya ang karapatan nila na kasunod sa Kanyang karapatan na kinapapalooban ng Kanyang sariling karapatan at ng karapatan ng Kanyang Sugo (SAS). Nagsabi Siya (4:36): **"At sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. At sa mga magulang ay gumawa ng magaling,..."** At sinabi pa Niya (31:14): **"...na magpasalamat ka sa Akin at sa iyong mga magulang;..."** Inuna ng Propeta (SAS) ang kabutihan sa mga magulang kaysa sa pakikibaka alang-alang kay Allah, gaya ng nasasaad sa Hadíth na isinalaysay ni Ibnu Mas'úd (RA). Nagsabi siya: "Nagsabi ako, 'O Sugo ni Allah, anong gawain ang pinakaibig ni Allah?' Nagsabi Siya, ***'Ang pagdarasal sa takdang oras nito.'*** Nagsabi ako, 'Pagkatapos ay ano pa po?' Nagsabi siya, ***'Kabaitan sa mga magulang.'*** Nagsabi pa ako, 'Pagkatapos ay ano pa po?' Nagsabi siya, ***'Ang pakikibaka sa landas ni Allah.'"*** Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim. Ito ay nagpapakita sa kahalagahan ng karapatan ng mga magulang na ipinagwawalang-bahala ng marami sa mga tao. Nauwi sila sa mga pagsuway sa magulang at alitan ng mga magkakamag-anak. Makikita mong ang isa sa kanila ay walang nakikitang karapatan para sa kanyang ama at kanyang ina. At baka hinahamak at nilalait pa niya sila at pinagmamataasan pa niya sila. Makakatagpo ng taong tulad nito ang ganti sa kanya sa malaon o madaling panahon.

## 4. Ang Karapatan ng mga Anak

Ang mga anak ay binubuo ng mga anak na lalaki at mga anak na babae. Marami ang mga karapatan ng mga anak. Kabilang sa

pinakamahalaga ay ang edukasyon at ito ay ang pagpapalago ng pananampalataya at kagandahang asal sa kanilang mga sarili upang sila ay maging mga mananampalataya at mga may magandang asal. Nagsabi si Allah (66:6): **"O mga sumampalataya, ipagsanggalang ninyo ang inyong mga sarili at ang inyong mga mag-anak sa Apoy na ang panggatong nito ay ang mga tao at ang mga bato, ..."** Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Lahat kayo ay tagapangalaga at lahat kayo ay pananagutin sa kanyang pinangangalagaan. Ang lalaki ay tagapangalaga sa kanyang mag-anak at pananagutin sa kanyang pinangangalagaan."*** Samakatuwid ang mga anak ay bagay na ipinagkatiwala sa mga magulang at sila ay mananagot sa mga ito sa Araw ng Paghuhukom. Sa pamamagitan ng pagpapalaki sa mga anak ng pagpapalaking nakasalig sa pananampalataya at kagandahang asal, makalalabas ang mga magulang sa pananagutan sa kanilang pinangangalagaan at magiging matuwid ang mga anak. Kaya naman ang mga ito ay magiging lugod ng mata ng mga magulang sa Mundo at sa Kabilang-buhay. Nagsasabi si Allah (52:21): **"At ang mga sumampalataya at sinundan sila sa pananampalataya ng kanilang mga supling ay isasama Namin sa kanila ang kanilang mga supling at hindi Namin babawasan sila ng anuman mula sa gantimpala sa ginawa nila. Ang bawat tao, sa kanyang tinamo, ay mananagot."** At sinasabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag namatay ang isang tao, humihinto ang kanyang gawa maliban sa tatlo: kawanggawa na tuloy-tuloy o karunungan na napakikinabangan kapag wala na siya o matuwid na anak na nanalangin para sa kanya."*** Ito ay ilan sa mga bunga ng mabuting pagpapalaki sa anak: kapag lumaki sa matuwid na pagpapalaki ay magiging kapaki-pakinabang sa mga magulang kahit patay na sila.

Minaliit ng maraming magulang ang karapatang ito kaya napabayaan nila ang kanilang mga anak at nakalimutan nila ang

mga ito; para bagang wala silang pananagutan sa mga ito. Hindi nila tinatanong ang mga ito kung saan nagpunta, kung kailan dumating, kung sinu-sino ang mga kaibigan at ang mga kasama ng mga ito. Hindi nila inaakay ang mga ito sa mabuti at hindi nila pinagbabawalan sa masama. Ang kataka-taka pa ay na ang mga ito ay nahumaling nang ganap na pagkahumaling sa kanilang mga kayamanan: pinangangalagaan ito, pinalalago ito, at nagpupuyat alang-alang sa ikabubuti nito sa kabila ng lahat na sa kadalasan ay pinalalago nila ang kayamanang ito at pinagyayaman ito para sa iba. Sa kabilang dako, ang mga anak ay walang halaga sa kanila sa kabila ng lahat na ang pangangalaga sa kanila ay lalong mahalaga at lalong kapaki-pakinabang sa Mundo at sa Kabilang-buhay. Kung papaanong tungkulin ng isang ama na busugin ang katawan ng kanyang anak sa pamamagitan ng pagkain at inumin at pasuutan ang katawan nito ng damit, tungkulin din niyang busugin ang puso ng kanyang anak ng kaalaman at pananampalataya at pasuutan ang kaluluwa nito ng damit ng pananggalang sa kasalanan sapagkat iyon ang mabuti.

Kabilang din sa mga karapatan ng mga anak na sustentuhan sila ng ama, ayon sa kung ano ang makatuwiran, nang walang pagsasayang at walang pagkukulang sapagkat iyon ay bahagi ng tungkulin niya sa mga anak niya at tanda ng pasasalamat sa biyaya sa kanya ni Allah na salaping ipinagkaloob Nito sa kanya. At bakit niya ipagkakait sa kanila ang yaman niya habang siya ay nabubuhay at ipagmaramot sa kanila ito upang ipunin para sa kanila at saka kukunin nila nang sapilitan sa kanya pagkamatay niya? Kahit pa man ipagmaramot niya ang sustentong tungkulin niyang gugulin para sa kanila, sila ay may karapatang kumuha mula sa salapi niya ng makasasapat sa kanila, ayon sa kung ano ang makatuwiran, gaya ng ipinayo ng Sugo ni Allah (SAS) kay Hind Bint 'Utbah.

Kabilang pa rin sa mga karapatan ng mga anak na hindi magtatangi ng isa sa kanila sa iba pang anak sa pagbibigay ng mga kaloob at mga regalo. Samakatuwid, hindi bibigyan ng anuman ang ilang mga anak at ang iba naman ay pagkakaitan sapagkat iyon ay tanda ng kawalan ng katarungan at pang-aapi. Hindi minamahal ni Allah ang mga di-makatarungan. At sapagkat ang gayon ay nauuwi sa pagkalayo ng damdamin ng mga napagkaitan at pagkakaroon ng pagkamuhi sa pagitan ng mga napagkaitan at mga napagkalooban. Datapuwat maaari pang ang pagkamuhi ay mamamagitan sa mga napagkaitan at sa kanilang mga magulang. May taong itinatangi ang isa sa kanyang mga anak sa iba pang mga anak dahil sa kabaitan at pagmamahal nito sa mga magulang nito. Kaya naman itinatangi ito ng magulang nito sa regalo at kaloob dahil nga sa nakalalamang ito sa kabaitan. Ngunit ito ay hindi ito nagbibigay-katwiran upang magkaroon ng pagtatangi. Ang may kalamangan sa kabaitan ay hindi ipinahihintulot na pagkalooban ng kabayaran dahil sa kanyang kabaitan sapagkat ang gantimpala ng kabaitan ay nasa kay Allah, at sapagkat ang pagtangi sa mabait sa pamamagitan ng pagbibigay ay magbubunga ng paghanga niya sa kanyang kabaitan at ng pag-aakalang may kalamangan siya, at magbubunga naman ng paglayo ng loob ng ibang anak at ng pagpapatuloy nito sa kasuwailan nito. At saka tayo ay hindi nakaaalam. Maaaring magbago ang mga kalagayan: ang mabait na anak ay magiging suwail at ang suwail ay magiging mabait, sapagkat ang mga puso ay nasa kamay ni Allah; binabago Niya ito sa paraang ninais Niya.

Nasasaad sa Sahíh al-Bukhárí at Sahíh Muslim, ayon kay an-Nu'mán Ibnu Bashír na ang kanyang amang si Bashír Ibnu Sa'd ay nagkaloob sa kanya ng isang aliping batang lalaki at ipinabatid iyon ng kanyang ama sa Propeta (SAS), kaya nagsabi ang Propeta (SAS): *"Ang bawat anak mo ba ay pinagkalooban mo ng tulad*

***nito?"*** Nagsabi ito: "Hindi po." nagsabi siya: ***"Bawiin mo iyon."*** Sa isa namang sanaysay ay nagsabi siya: ***"Mangilag kayong magkasala kay Allah at maging makatarungan sa pagitan ng inyong mga anak."*** At sa ibang pagkakaulat: ***"Pasaksihan mo ito sa iba pa sa akin sapagkat hindi ako sumasaksi sa pang-aapi."*** Tinawag ng Sugo ni Allah (SAS) na pang-aapi ang pagtatangi sa ilang mga anak kaysa sa ibang mga anak. Ang pang-aapi ay kawalan ng katarungan at ipinagbabawal ito.

Subalit kung sakaling ang isa sa kanila ay binigyan ng bagay na kinakailangan nito at ang iba naman ay hindi nangangailangan nito, halimbawa ay kung nangangailangan ang isa sa mga anak ng mga gamit sa paaralan o ng pagpapagamot o ng tulong sa pag-aasawa, ay hindi masamang itangi ito sa pagbibigay ng anumang kinakailangan nito sapagkat ang pagtatanging ito ay alang-alang sa pangangailangan kaya naman ito ay gaya ng pagsusustento.

Kapag ginagampanan ng magulang ang tungkulin niya sa anak niya gaya ng pagpapalaki at pagsusustento, siya ay karapat-dapat na magturo sa anak na maging mabuti sa magulang nito at magsaalang-alang sa mga karapatan ng magulang nito. At kapag pinababayaan ng magulang ang kanyang tungkulin na nabanggit, magiging karapat-dapat siya sa pagdurusa sa pamamagitan ng pagkaila ng anak sa kanyang karapatan. Daranas siya ng pagdurusa bilang karampatang gantimpala sa kanya. At ang gaya ng ginawa mo ay gagawin rin sa iyo.

## 5. Ang mga Karapatan ng mga Kamag-anak

Ang nauugnay sa iyo sa pagkakamag-anak gaya ng kapatid, tiyuhin, at kanilang mga anak, at ang bawat may kaugnayan sa iyo ay ukol sa kanya ang karapatan ng pagkakamag-anak na ito,

alinsunod sa kung gaano siya kalapit. Nagsabi si Alläh (17:26): **"At ibigay sa kamag-anak ang karaptan nito..."** At sinabi pa Niya (4:36): **"At sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman. At sa mga magulang ay gumawa ng magaling, at pati sa mga kamag-anak,..."** Kaya tungkulin ng bawat kamag-anak na makipagmabutihan sa kanyang kamag-anak, ayon sa kung ano ang makatuwiran, sa pamamagitan ng pagkakaloob ng tulong ng impluwensiya, pag-alalay at tulong pananalapi, alinsunod sa kung ano ang hinihiling ng kalapitan ng pagkakamag-anak at tindi ng pangangailangan. Ito ang hinihiling ng Batas ng Islam, katuwiran, at kalikasan ng tao.

Marami ang mga talata ng Qur'an at mga Hadíth na nag-uudyok at naghihikayat sa pagpapanatili ng ugnayang pangkamag-anak. Nasasaad sa Sahíh al-Bukhárí at sa Sahíh Muslim ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Propeta (SAS) ay nagsabi:

*"Tunay na si Allah ay lumikha sa mga nilikha at nang natapos na Niya ang mga ito ay tumayo ang sinapupunan at nagsabi, 'Ito ang kalalagyan ng nagpapakupkop sa iyo laban sa pagpuputol ng ugnayang pangkamag-anak.' Kaya nagsabi si Allah, 'Oo, hindi ka ba nalulugod na nakikipag-ugnayan Ako sa nakikipag-ugnayan sa iyo at pinuputol Ko ang ugnayan sa pumuputol ng ugnayan sa iyo?' Nagsabi ito, 'Opo.' Nagsabi Siya, 'Kaya iyan ay para sa iyo.'"* Pagkatapos ay nagsabi pa ang Sugo ni Allah (SAS) (47:22-23): *"Kung nanaisin ninyo ay bigkasin ninyo ito:* **'Maaari kaya, kung manungkulan kayo, na gagawa kayo ng katiwalian sa lupa at puputulin ninyo ang inyong ugnayang pangkamag-anak? Ang mga iyon ang isinumpa ni Allah; ginawa Niya silang bingi at binulag Niya ang kanilang mga paningin.'"** Nagsabi pa ang Propeta (SAS): *"Ang sinumang naniniwala kay Allah at sa Huling Araw ay makipag-ugnayan siya sa kamag-anak niya."*

Marami sa mga tao ang nagwawalang-bahala at nagpapabaya sa karapatang ito. Makikita mong mayroong isa sa kanilang hindi nagbibigay sa kanyang kamag-anak ng pagkilala sa ugnayan, ni tulong pananalapi, ni tulong ng impluwensiya, ni pakikitungo na may magandang asal. Lumilipas ang mga araw at mga buwan na hindi niya nakikita ang kanyang mga kamag-anak, hindi rin Niya dinadalaw sila, hindi nagpapakita ng pagmamahal sa kanila kahit sa pamamagitan ng pagreregalo, hindi tumutulong sa kanila sa kagipitan o pangangailangan. Datapuwa't baka pinakikitunguhan pa niya sila nang masama sa salita o sa gawa, o sa kapwa salita at gawa. Nakikipag-ugnayan siya sa di-kamag-anak ngunit pinuputol niya ang ugnayan sa kanyang kamag-anak.

May taong nagpapanatili ng ugnayang pampamilya sa kanyang mga kamag-anak kung pinananatili rin nila ang ugnayang pangmag-anak sa kanya, ngunit pinuputol niya ang ugnayan niya sa kanila kapag pinuputol nila ang kanilang kaugnayan sa kanya. Ang ganitong tao ay hindi talaga nagpapanatili ng ugnayang pangmag-anak; siya ay gumaganti lamang ng katulad sa ginawang kabutihan sa kanya. Ang pagganti sa kabutihan ay ginagawa sa kamag-anak at gayon din sa di-kamag-anak sapagkat ang pagganti sa kabutihan ay hindi lamang nauukol sa kamag-anak. Ang tunay na nagpapanatili ng ugnayang pampamilya ay ang nagpapanatili nito alang-alang kay Allah at hindi niya pinapansin kung pinananatili ng kamag-anak niya ang ugnayan sa kanya o hindi. Nasasaad sa Sahíh al-Bukhárí ayon kay 'Abdulláh Ibnu 'Amr Ibni al-'Áss na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang nagpapanatili sa ugnayang pampamilya ay hindi ang gumaganti; datapuwa't ang nagpapanatili sa ugnayang pampamilya ay yaong kapag pinutol ang ugnayang pampamilya sa kanya ay inuugnay niya ito."*** May isang lalaking nagtanong sa kanya (SAS). Sinabi nito: "O Sugo ni Allah, may mga kamag-anak akong pinanatili ko ang ugnayan ko

sa kanila ngunit pinuputol naman nila ang ugnayan nila sa akin, ginagawan ko sila ng mabuti ngunit ginagawan naman nila ako ng masama, at banayad ang aking pakikitungo sa kanila subalit mabagsik sila sa akin. Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Kung ikaw nga ay katulad ng sinabi mo, para mo lamang silang pinakakain ng mainit na abo at mananatiling mayroon kang kasamang tagapagtanggol buhat kay Allah laban sa kanila hangga't nananatili ka sa gayong kalagayan."***

Sapat na ang pagpapanatili sa ugnayang pampamilya upang si Allah ay magpanatili ng ugnayan sa Mundo at sa Kabilang Buhay sa taong nagpapanatili ng ugnayang pampamilya. Kaya naman pinagkakalooban Niya ito ng awa, pinadadali Niya para rito ang mga bagay-bagay, at pinapawi Niya rito ang mga pighati. Bukod pa rito, ang ugnayang pangmag-anak ay dahilan rin ng pagkakalapit ng pamilya, pagmamahalan nila, pagdadamayan nila sa isa't isa, pagtulong nila sa isa't isa sa sandali ng mga kasawiang-palad, at kasiyahan at kagalakang ibinubunga niyon. Ito ay subok na at alam na ng lahat. Ang lahat ng kapakinabangang ito ay mababaligtad kapag ang pagkalagot ng ugnayang pampamilya ang umiral at magkakaroon pa ng pagkakalayo ng loob.

## 6. Ang Karapatan ng Mag-asawa

Ang pag-aasawa ay mayroong mga mahalagang resulta at mga malaking kinakailangan sapagkat ito ay nagbibigkis sa mag-asawa. Tungkulin ng bawat isa sa kanila na gampanan ang karapatan ng isa't isa: mga karapatang pampisikal, mga karaptang panlipunan, at mga karapatang pampananalapi.

Tungkulin ng mag-asawang pakitungahan ang isa't isa sa kanila ayon sa kung ano ang makatuwiran. Ibibigay ng lalaki ang karapatang kinakailangan ng maybahay nang buong kagandahang-

loob at kaluwagan, walang pagkasulam sa pagbibigay at walang pagpapaliban. Nagsabi si Allah (4:19): **"...Pakitunguhan ninyo sila ayon sa kung ano ang makatuwiran...."** At nagsabi pa Siya (2:228): **"...At sila** ***na mga babae*** **ay may karapatang katulad ng tungkulin nila ayon sa kung ano ang makatuwiran; subalit ang mga lalaki ay may isang antas** ***ng pananagutan*** **sa kanila. ..."** Tungkulin din ng maybahay na ibigay sa kanyang asawa ang kinakailangan niyang ibigay rito. Kapag ginampanan ng mag-asawa ang tungkulin nila sa isa't isa, kanilang buhay ay magiging maligaya at magtatagal ang kanilang pagsasama. Subalit kung nangyari ang kabaliktaran, magkakaroon ng hidwaan at alitan at magiging miserable ang buhay ng bawat isa sa kanila.

Bumanggit ang maraming bahagi ng Qur'an at Hadíth ng tagubilin sa babae at ng pagsasaalang-alang sa kanyang kalagayan na imposibleng maging ganap. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Pakitunguhan ninyo nang mabuti ang mga kababaihan. Tunay na ang babae ay nilikha mula sa tadyang. At tunay na ang pinakabaluktot na bahagi sa tadyang ay ang pinakamataas nito. Kaya kung tatangkain mong tuwirin ito, mababali mo ito; kung pababayaan mo ito, mananatili itong baluktot. Kaya naman pakitunguhan ninyo nang mabuti ang mga kababaihan."*** Sa isa namang sanaysay: ***"Tunay na ang babae ay nilikha mula sa tadyang at hindi magigiging tuwid sa iyo kahit sa anong paraan; kaya kung kalulugdan mo siya, kalugdan mo siya na mayroon siyang kabaluktutan. Kung tatangkain mong tuwirin siya, mababali mo siya; at ang pagbali sa kanya ay ang pagdidiborsiyo sa kanya."*** Nagsabi pa ang Sugo (SAS): ***"Huwag kasusuklaman ng lalaking mananampalataya ang babaeng mananampalataya. Kung may kinasusuklaman siya sa mula rito na isang ugali, malulugod naman siya rito sa ibang ugali nito."*** Ang mga Hadíth na ito ay naglalaman ng patnubay ng Propeta (SAS) sa kanyang

mga tagasunod kung papaanong pakikitunguhan ng lalaki ang babae. Nararapat na ang hilingin niya sa babae ay ang madali sapagkat ang kalikasan nito na kasama ng pagkakalikha nito ay hindi magiging ganap, datapuwa't kailangang magtaglay ng kabaluktutan. Hindi maaaring masiyahan ang isang lalaki sa isang babae kung hindi ito nagtataglay ng kalikasang nilikha para sa babae. Nasasaad din sa mga Hadíth na ito na nararapat na ipaghambing ng isang tao ang mga magaganda at ang mga masasamang pag-uugali ng isang babae sapagkat kapag mayroong isang ugaling kinaiinisan siya sa babae, ihambing niya ang ugaling ito sa isa pang ugali nito na kinalulugdan niya at huwag niyang tingnan ito ng may pagkayamot at pagkainis lamang.

Tunay na marami sa mga asawa ang nagnanais na ang kanilang mga maybahay ay perpekto. Ito ay isang bagay na imposibleng mangyayari. Dahil doon ay nasasadlak sila sa pighati at hindi nila magawang masiyahan at magpakaligaya sa mga maybahay nila. At baka mauwi pa iyon sa diborsiyo gaya ng sinabi ng Propeta (SAS): *"Kung tatangkain mong tuwirin siya, mababali mo siya; at ang pagbali sa kanya ay ang pagdidiborsiyo sa kanya."* Kaya nararapat para sa asawa na maging maluwag at ipagwalang-bahala ang lahat ng ginagawa ng maybahay kapag hindi naman nakalalabag sa alituntunin ng Islam o nakayuyurak sa karangalan.

## Ilan sa mga Karapatan ng Maybahay sa Kanyang Asawa

Kabilang sa mga karapatan ng maybahay sa kanyang asawa na gampanan nito ang tungkuling gumastos para sa kanyang pangangailangan gaya ng pagkain, inumin, damit, tirahan, at mga kaugnay rito dahil ang sabi ni Allah (2:233): **"...At tungkulin ng ama ang pagtutustos sa *mga ina* at ang pagpapadamit sa mga ito alinsunod sa kung ano ang makatuwiran...."** Nagsaabi naman ang Propeta (SAS): *"At sa kanila [mga maybahay] ay tungkuling*

***ninyo ang pagtutustos sa kanila at ang pagpapadamit sa kanila ayon sa kung ano ang makatuwiran."*** Tinanong din siya kung ano ang karapatan ng maybahay ng sinuman sa sa atin. Nagsabi siya (SAS): ***"Na pakakainin mo siya kapag kumain ka, padadamitan mo siya kapag may idinadamit ka, hindi mo siya sasaktan sa mukha, hindi mo siya pipintasang pangit, at hindi mo siya iiwan kung hindi sa bahay."***

Kabilang pa sa mga karapatan ng maybahay sa kanyang asawa na maging makatarungan ito sa kanya at iba pa nitong maybahay kung ito ay may ikalawang maybahay: maging makatarungan ito sa kanilang dalawa sa pagsusustento, pabahay, paghahati ng oras, at sa lahat ng bagay na maaari itong maging makatarungan sapagkat ang pagkiling sa isa sa kanila ay isa sa mga malalaking kasalanan. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***"Ang sinumang may dalawang maybahay at kumiling siya sa isa sa dalawa, pupunta siya sa Araw ng Pagbubuhay na ang kalahati ng katawan niya ay nakakiling."***

Hinggil naman sa mga bagay na ang asawa ay hindi maaaring maging makatarungan gaya ng pagmamahal at kapanatagan ng loob (sa isa sa kanila), wala siyang kasalanan doon sapagkat ito ay labas sa kanyang kakayahan. Nagsabi si Allah (4:129): **"At hindi ninyo makakaya na maging makatarungan sa inyong mga may-bahay kahit pa man magpunyangi kayo,..."** Hinahati-hati noon ng Sugo ni Allah (SAS) (ang anumang mayroon siya) sa kanyang mga maybahay. Makatarungan siya sa paghahati-hati at dumadalangin siya ng ganito: ***"O Allah, ito ang paghahati-hati ko sa anumang napanghahawakan ka; kaya huwag Mo po akong sisihin sa napanghahawakan Mo (puso) ngunit hindi ko napanghahawakan."***

Ngunit kung sakaling itinangi niya ang isa sa dalawa sa dami ng gabi ng pagtulog nang may pagsang-ayon naman nito, walang masama. Inilalalan noon ng Sugo ni Allah (SAS) para kay 'Á'ishah ang araw nito at ang ang araw ni kay Sawdah nang ibinigay nito iyon kay 'Á'ishah. Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagtatanong noong siya ay nasa sandali ng kanyang karamdaman na ikinamatay niya: *"Saan ako bukas, saan ako bukas?"* Pinahintulutan siya ng kanyang mga maybahay na manatili kung saan niya nais. At nanatili siya sa bahay ni 'Á'ishah hanggang sa mamatay siya.

## Ilan sa mga Karapatan ng Asawa sa Kanyang Maybahay

Hinggil naman sa mga karapatan ng asawa sa kanyang maybahay, ang mga ito ay higit na malaki sa kaysa karapatan ng maybahay niya sa kanya sapagkat ang sabi ni Allah (2:228): **"...At sila *na mga babae* ay may karapatang katulad ng tungkulin nila ayon sa kung ano ang makatuwiran, subalit ang mga lalaki ay may karapatan sa kanila *na higit* ng isang antas...."** Ang lalaki ay tagapangalaga ng babae, nagtataguyod ng mga kapakanan nito, humuhubog dito, at pumapatnubay rito gaya ng sinabi ni Allah (4:34): **"Ang mga lalaki ay mga tagapangalaga ng mga babae sapagkat itinangi ni Allah ang mga lalaki kaysa sa mga babae dahil gumugugol sila *para sa mga babae* ng mula sa kanilang mga yaman...."**

Kabilang sa mga karapatan ng lalaki sa kanyang maybahay ay na sundin siya nito hinggil sa anumang hindi pagsuway kay Allah, at na pangalagaan nito ang kanyang lihim at ang kanyang ari-arian sapagkat nagsabi ang Propeta (SAS): *"Kung ako ay mag-uutos sa isa na magpatirapa sa isa pa, inutusan ko na sana ang babae na magpatirapa sa asawa niya."* Sinabi pa niya: *"Kapag inanyayahan ng lalaki ang kanyang maybahay sa kanyang higaan at tumanggi*

***ito na pumunta kaya magdamag siyang galit na galit dito, susumpain ito ng mga anghel hanggang sa mag-umaga."***

Kabilang din sa mga karapatan niya sa kanyang maybahay na huwag itong gagawa ng gawaing magkakait sa kanya ng lubusang kasiyahan, kahit pa man iyon ay isang boluntaryong pagsamba sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi pinahihintulutan ang isang babae na mag-ayuno (kapag hindi Ramaḏán), samantalang ang kanyang asawa ay nasa piling, maliban kung may pahintulot ito. At hindi siya magpapahintulot sa sinuman sa bahay nito kung walang kapahintulutan nito."***

At itinakda ng Sugo ni Allah (SAS) na ang lugod ng asawa sa kanyang maybahay ay isa sa mga dahilan ng pagpasok nito sa Paraiso. Iniulat ni at-Tirmidhí mula sa Hadíth na isinalaysay ni Umm Salamah (RA) na ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: ***"Ang alinmang babae, na namatayan ng kanyang asawa na nalulugod sa kanya, ay papasok sa Paraiso."***

## 7. Ang mga Karapatan ng mga Pinuno at mga Nasasakupan

Ang mga pinuno ay ang mga nangangasiwa sa mga kapakanan ng mga Muslim, walang ipinag-iba kung ang pangangasiwa ay pangkalahatan gaya ng kataas-taasang pangulo sa isang bansa o partikular gaya ng isang pangulo sa isang partikular na pangasiwaan o isang partikular na gawain. Ang lahat ng mga pinunong ito ay may karapatang tungkuling gampanan sa kanila ng kanilang mga nasasakupan at ang mga nasasakupan ay may karapatan din naman sa kanila.

Ang mga karapatan ng mga nasasakupan sa mga namumuno ay na gampanan nila ang ipinagkatiwalang tungkulin na iniatang ni Allah sa kanila at inobliga Niya sa kanila na gampanan gaya ng katapatan sa mga nasasakupan at pag-aakay sa mga nasasakupan sa

matuwid na sistemang magseseguro ng mga ikabubuti sa Mundo at sa Kabilang Buhay. At iyon ay sa pamamagitan ng pagsunod sa landas ng mga mananampalataya na siyang landas na tinatahak noon ng Sugo ni Allah (SAS) sapagkat naroon ang ikaliligaya nila, ng kanilang mga nasasakupan at ng sinumang nasa ilalim ng kanilang kapangyarihan. Ito ang pinakamasidhing dahilan ng pagkalugod ng mga nasasakupan sa mga namumuno sa kanila, pagkakaugnay sa pagitan nila, pagpapasailalim sa mga kautusan nila, at pag-iingat sa ipinagkatiwalang tungkulin na itinalaga nila sa mga ito. Sapagkat ang sinumang nangingilag magkasala kay Allah, mangingilag din ang mga tao na magkasala sa kanya; ang sinumang nagpapalugod kay Allah, pangangalagaan siya Nito sa panliligalig ng mga tao at gagawin Nito na malugod sa kanya ang mga tao sapagkat nasa kamay ni Allah ang mga puso ng mga tao na binabago Nito sa paraang ninanais Nito.

Ang mga karapatan naman ng mga pinuno sa mga nasasakupan ay ang katapatan sa kanila sa anumang hinahawakan ng isang tao na mga tungkulin sa kanila, ang pagpapaalaala sa kanila kapag nagpabaya siya, ang pananalangin sa kanila kapag lumihis sila sa katotohanan, at ang sundin sa kanilang kautasan kung walang pagsuway kay Allah sapagkat doon nakasalalay ang pamamahala at ang kaayusan nito. Sa pagsalungat sa kanila at pagsuway sa kanila nagmumula ang paglaganap ng kaguluhang bayan (anarkiya) at mga katiwalian. Dahil doon, ipinag-utos ni Allah ang pagtalima sa Kanya, at ang pagtalima sa Kanyang Sugo at sa mga may katungkulan. Nagsabi Siya (4:159): **"O mga sumampalataya, sundin ninyo si Allah at sundin ninyo ang Sugo at ang mga may katungkulan sa inyo...."** Nagsabi naman ang Propeta (SAS): ***"Tungkulin ng isang Muslim na dinggin at sundin ang [utos na] naiibigan niya at kinaiinisan niya maliban kung inuutusan siya na sumuway [kay Allah] sapagkat kapag inutusan siyang sumuway [kay Allah], wala nang pagdinig at pagtalima."*** Nagsabi

naman si 'Abdullah Ibnu 'Umar (RA): "Noong kasama kami ng Propeta (SAS) sa isang paglalakbay ay tumigil kami sa isang pook at pagkatapos ay nanawagan ang tagatawag ng Sugo ni Allah (SAS): 'Magtipon para sa Saláh!' Kaya nagtipon kami sa Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi siya: ***'Tunay na walang propetang isinugo ni Allah na hindi nito tungkulin na gabayan ang mga tagasunod nito sa nalalaman niyang mabuti para sa kanila at pagbalaan sila sa nalalaman niyang masama para sa kanila. At tunay na ang kalipunan ninyong ito ay inilagay ang katiwasayan nito sa simula nito at dadapuan ang katapusan nito ng pagsubok at mga bagay-bagay na mamasamain ninyo. Magsisidatingan [ang mga] pagsubok na palakas nang palakas. Darating ang isang pagsubok at magsasabi ang mananampalataya, 'Heto na ang aking kasawian.' Darating ang isa pang pagsubok at magsasabi ang mananampalataya, 'Heto na nga.' Kaya ang sinumang naiibigan na ilayo sa Impiyerno at ipasok sa Paraiso ay hayaang puntahan siya ng kamatayan niya samantalang siya ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw at gawin niya sa mga tao ang ninanais niyang gawin sa kanya. Ang sinumang nagpahayag ng katapatan sa isang pinuno—kaya naman ibinigay niya ang pagsang-ayon ng kanyang kamay at katapatan ng kanyang puso —ay sumunod dito kung makakaya niya. At kung may dumating sa [pinunong] ito na iba pang aagaw sa kanyang [pamumuno] ay tagain ninyo ang leeg niyon.'"*** Iniulat ito ni Imám Muslim. Tinanong ang Propeta (SAS) ng isang lalaki. Nagsabi ito: "O Sugo ni Allah, ano po ang palagay ninyo kung pinamahalaan kami ng mga pinunong hinihingi sa amin ang kanilang karapatan subalit ipinagkakait naman nila ang aming karapatan? At ano po ang ipag-uutos mo sa amin? Iniwasan siya nito ngunit muli itong nagtanong sa kanya kaya nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***'Makinig kayo at tumalima kayo sapagkat pananagutan lamang***

***nila ang iniatang sa kanila at pananagutan lamang ninyo ang iniatang sa ninyo.' "***

Kabilang din sa mga karapatan ng mga pinuno sa kanilang mga nasasakupan na tulungan ng mga nasasakupan ang kanilang mga pinuno sa mga katungkulan ng mga ito. Sila ay dapat maging katuwang ng mga ito sa pagpapatupad ng katungkulang ipinagkatiwala sa mga ito. Dapat malaman ng bawat isa ang kanyang papel at ang kanyang pananagutaan sa lipunan upang sumulong ang lahat ayon sa paraang ninanais. Ang mga namumuno, kapag hindi sila tinulungan ng mga nasasakupan sa kanilang mga tungkulin, ay hindi sila makagagawa nang ayon sa paraang ninanais.

## 8. Ang Karapatan ng mga Kapit-bahay

Ang kapit-bahay ay ang malapit sa iyo sa tirahan. Siya ay may malaking karapatan sa iyo. Kung siya ay kamag-anak mo at siya ay Muslim pa, mayroon siyang tatlong karapatan: karapatan ng kapit-bahay, karapatan ng kamag-anak, at karapatan sa Islam. Kung siya ay isang Muslim ngunit hindi kamag-anak, mayroon siyang dalawang karapatan: karapatan ng kapit-bahay at karapatan sa Islam. Ganoon din kung siya ay isang kamag-anak ngunit hindi isang Muslim, mayroon siyang dalawang karapatan: karapatan ng kapit-bahay at karapatan ng kamag-anak. Kung siya ay di-kamag-anak at hindi Muslim, mayroon siyang isang karapatan: karapatan ng kapit-bahay. Nagsabi si Allah (4:36): **"...At sa mga magulang ay gumawa ng magaling, at pati sa mga kamag-anak, mga ulila, mga dukha, kapit-bahay na kamag-anak, kapit-bahay na di-kaanu-ano,..."** Sinabi naman ng Propeta (SAS): ***"Hindi tumigil si (Anghel) Gabriel sa pagtatagubilin sa akin tungkol sa kapit-bahay hanggang sa inakala kong gagawin na niya itong tagapagmana ng kapit-bahay nito."***

Kabilang pa sa mga karapatan ng kapit-bahay sa kanyang kapit-bahay ay na gumawa siya rito ng magaling sa abot ng kanyang makakaya sa pamamagitan ng kanyang salapi, impluwensiya, at tulong sapagkat nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Ang pinakamabuti sa mga kapit-bahay para kay Allah ay ang pinakamubuti sa kanila sa kanyang kapit-bahay."*** Sinabi pa niya: ***"Ang sinumang naniniwala kay Allah at sa Kabilang Buhay ay gumawa ng magaling sa kanyang kapit-bahay."*** Sinabi pa niya: ***"Kapag nagluto ka ng sopas, dagdagan mo ang tubig nito at magbigay ka sa iyong kapit-bahay."*** Bahagi rin ng paggawa ng magaling sa kapit-bahay ay ang magkaloob ng mga regalo sa kanila sa mga pagdiriwang sapagkat ang regalo ay nagiging sanhi ng pagmamahalan at nag-aalis ng poot.

Kabilang pa rin sa mga karapatan ng kapit-bahay sa kanyang kapit-bahay ay na magpigil siya na makasakit dito sa salita at sa gawa sapagkat nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya; sumpa man kay Allah, hindi siya sumasampalataya."*** Nagsabi sila: "Sino po, Sugo ni Allah?" Nagsabi siya: ***"Ang taong hindi ligtas ang kanyang kapit-bahay sa kanyang mga kasamaan."*** Sa isa namang sanaysay ay ganito ang sinabi: ***"Hindi papasok sa Paraiso ang sinumang hindi ligtas ang kanyang kapit-bahay sa kanyang mga kasamaan."***

Marami sa mga tao sa ngayon ang hindi nagbibigay-pansin sa karapatan ng kapit-bahay at hindi ligtas ang kanilang mga kapit-bahay sa kanilang kasamaan. Makikita mong palagi silang may alitan at hidwaan sa mga ito, at may ginagawang paglabag sa mga karapatan ng mga ito at pamiminsala sa salita at sa gawa. Ang lahat ng ito sumasalungat sa ipinag-utos ni Allah at ng kanyang Sugo (SAS) at nag-uudyok sa pagkakahati-hati ng mga Muslim, pagkakalayo ng kanilang mga puso, at pagsira ng ilan sa kanila sa karangalan ng iba sa kanila.

## 9. Ang mga Karapatan ng mga Kapwa Muslim sa Kabuuan

Ang mga karapatang ito ay lubhang marami. Ang ilan sa mga ito ay nabanggit sa Hadíth na nagsasaad na ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang karapatan ng isang Muslim sa kapwa niya Muslim ay anim: kapag nakatagpo mo siya ay batiin mo siya, kapag inanyayahan ka niya ay paunlakan mo siya, kapag humingi siya sa iyo ng payo ay payuhan mo siya, kapag bumahin siya at nagsabi ng alhamdu lilláh ay magsabi ka sa kanya ng yarhamukalláh, kapag nagkasakit siya ay dalawin mo siya, at kapag namatay siya ay dumalo ka sa kanyang libing."*** Ang Hadíth na ito ay naglalaman ng ilang pahayag sa mga karapatan ng mga Muslim sa isa't isa.

**Unang Karapatan**

Ang pagbati ay isang *sunnah mu'akkadah* (gawaing mariing itinatagubilin). Ito ay isa sa mga dahilan ng pagbubuklod at pagmamahalan ng mga Muslim gaya ng nasasaksihan at gaya ng ipinahihiwatig ng sinabi ng Propeta (SAS): ***"Sumpa man kay Allah, hindi kayo papasok sa paraiso hanggang hindi kayo sumasampalataya at hindi kayo sumasampalataya hanggang hindi kayo nagmamahalan. Ibig ba ninyong ipabatid Ko sa inyo ang isang bagay na kapag ginawa ninyo ito ay magmamahalan kayo? Ipalaganap ninyo ang pagbati (ng assalámu 'alaykum) sa isa't isa sa inyo."*** Ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagpapasimula sa pagbati sa sinumang makasalubong niya at bumabati rin siya ang mga batang paslit kapag nadaanan niya ang mga ito.

Ang *sunnah* (itinatagubilin) ay unang babati ang nakababata sa nakatatanda, ang kakaunti sa nakararami, at ang nakasakay sa naglalakad. Subalit kung hindi isinagawa ang *sunnah* ng nararapat gumawa nito ay isagawa ito ng iba upang hindi mawala ang pagbati. Kapag hindi bumati ang nakababata ay bumati ang

nakatatanda, at kapag hindi bumati ang kakaunti ay bumati ang nakararami upang magtamo ng gantimpala.

Nagsabi si 'Ammár Ibnu Yásir (RA): "May tatlong bagay na kapag tinaglay ninuman ay naging ganap na ang kanyang pananampalataya: ang katarungan mula sa sarili iyong sarili, ang pagbati sa sinuman, at ang pagkakawang-gawa sa kabila ng kasalatan." Kapagka ang pagpapasimula sa pagbati ay *sunnah* (itinatagubilin), ang pagtugon dito ay *fard kifáyah*, ibig sabihin, kapag ginampanan ng isa o iilan ay sapat na iyon para sa mga nalalabi. Kaya kapag bumati sa isang pangkat at tinugon ng isa sa kanila, sapat na iyon para sa nalalabi. Nagsabi si Allah (4:86): **"At kapag binati kayo ng isang pagbati, bumati kayo ng higit na mainam kaysa roon o gantihan ninyo iyon...."** Samakatuwid, hindi makasasapat sa pagtugon ng pagbati na *assalámu 'alaykum* ang magsabi ng *hello* lamang sapagkat ito ay hindi mas mainam kaysa sa *assalámu 'alaykum* at hindi rin katulad nito. Kaya kapag sinabihan *ng assalámu 'alaykum* ay magsabi ng *'alaykumus Salám*; at kapag sinabihan ng *hello* ay magsasabi rin ng *hello* na siyang katulad, at kung madadagdag pa ng pagbati ay lalong mainam.

## Ang ikalawang Karapatan

***Kapag inanyayahan ka niya ay paunlakan mo siya.*** Ibig sabihin, kapag inanyayahan ka niya sa kanyang bahay na kumain o maging anuman iyon ay paunlakan mo siya. Ang pagtugon sa paanyaya ay isang *sunnah mu'akkadah* (lubhang itinatagubilin) sapagkat may dulot itong pagpapalubag sa puso ng nag-aanyaya at nagiging dahilan ng pagmamahalan at pagkakalapit ng damdamin. Samantala, hindi naman nasasaklawan niyon ang piging sa kasal sapagkat ang pagtugon sa paanyaya para rito ay isang tungkuling nakabatay sa mga nakatakdang kondisyon[1] sapagkat ang sabi ng

[1] Ang sumusunod ang ilan sa mga naturang kondisyon:

Propeta (SAS) hinggil dito: ***"Ang sinumang hindi tumugon ay sumuway na kay Allah at sa Kanyang Sugo."***

Marahil ang sinabi ng Propeta (SAS) na ***kapag inanyayahan ka niya ay paunlakan mo siya*** ay sumasaklaw pati sa pag-anyaya na alalayan siya at tulungan siya. Kung gayon, ikaw ay inaatasang paunlakan siya. Kapag inanyahan ka niya upang tulungan siya sa pagbuhat ng isang bagay o sa pagtapon niyon o anumang katulad nito, ikaw ay inaatasang alalayan siya sapagkat ang sabi ng Propeta (SAS): ***"Ang mananampalataya sa kapwa mananampalataya ay katulad ng isang gusali—pinatatatag nila ang isa't isa."***

## Ang Ikatlong Karapatan

***Kapag humingi siya sa iyo ng payo ay payuhan mo siya.*** Ito ay nangangahulugang kapag nagsadya siya sa iyo upang hingin ang payo mo sa kanya hinggil sa isang bagay ay payuhan mo siya sapagkat ito ay bahagi ng pananampalataya tulad ng sinabi ng Propeta (SAS): **"Ang pananampalataya ay ang pagpapayo alang-alang kay Allah, alang-alang sa Kanyang Aklat, alang-alang sa Kanyang Sugo, alang-alang sa mga pinuno ng mga Muslim, at alang-alang sa kanilang nasasakupan."**

Sa kabilang dako, kung hindi siya pumunta sa iyo upang hingin ang iyong payo ngunit kung may ibubunga namang kapinsalaan o kasalanan ang tatangkain niyang gawin, tungkulin mong payuhan siya kahit hindi siya pumunta sa iyo sapagkat ito ay bahagi ng pag-aalis ng nakapipinsala at nakasasama sa mga Muslim. Kung wala namang ibubungang kapinsalaan ni kasalanan ang kanyang gagawin ngunit sa tingin mo ay lalong kapaki-pakinabang kung

1. Na ang paanyaya ay sa unang araw;
2. Na ang nag-aanyaya ay isang mabuting Muslim na ipinagbabawal na layuan;
3. Na tahasang inanyayahan;
4. Na ang kinikita ng nag-aanayaya ay hindi galing sa ipinagbabawal ng Islam;
5. Na sa dadaluhan ay walang minamasamang bagay na hindi magawang alisin ng
6. inanyayahan

iba roon ang kanyang gagawin, hind mo tungkuling magsabi ng anuman sa kanya maliban kung hihingi siya sa iyo ng payo at kapag nagkagayon ay kailangan nang magbigay ng payo.

## Ang Ikaapat na Karapatan

***Kapag bumahin siya at nagsabi ng alhamdu lilláh ay magsabi ka sa kanya ng yarhamukalláh.*** Ibig sabihin: kaawaan ka ni Allah, bilang pagpapasalamat sa kanya sa pagpupuri niya sa kanyang Panginoon matapos bumahin. Subalit kapag bumahin siya at hindi nagsabi ng *alhamdu lilláh* wala siyang karapatan na sabihan ng *yarhamukallah* (kaawaan ka ni Allah) sapagkat hindi siya nagpuri kay Allah (hindi nagsabi ng *alhamdu lilláh*) kaya ang ganti sa kanya ay na hindi rin sasabihin ng *yarhamukallah.*

Ang pagsabi ng *yarhamukallah* sa bumahin kapag nagsabi ito ng *yarhamukallah* ay isang tungkulin at tungkulin din naman ng bumahin na tumugon kaya magsasabi siya ng *yahdíkumulláhu wa yuslihu bálakum* (Patnubayan nawa kayo ni Allah at pabutihin nawa Niya ang inyong kalagayan.). Kapag nagpatuloy ang pagbahin niya at tatlong ulit ka nang nagsabi sa kanya ng *yarhamukallah*, sa ikaapat na pagkakataon ay magsabi ka sa kanya ng *'áfákalláh* (Pangalagaan ka ni Allah), sa halip na magsabi ng *yarhamukallah.*

## Ang Ikalimang Karapatan

***Kapag nagkasakit siya ay dalawin mo siya.*** Ito ay karapatan niya sa mga kapatid niyang Muslim kaya naman tungkulin nilang gawin iyon. At kapagka ang may-sakit ay may iba pang karapatan sa iyo dahil sa siya ay isang kamag-anak o kasamahan o kapit-bahay, ang pagdalaw sa kanya ay lalong binibigyang-diin.

Ang pagdalaw ay ayon sa kalagayan ng may sakit at ayon sa kalagayan ng sakit. Maaaring itakda ng kalagayan ang kadalasan ng pagdalaw sa kanya at maaari ring itakda ng kalagayan ang kadalangan ng pagdalaw sa kanya. Samakatuwid, ang nararapat ay ang isaalang-alang ang mga kalagayan. Ang itinatagubilin para sa

sinumang dumadalaw sa isang may-sakit na tanungin niya ito tungkol sa kalagayan nito, ipanalangin niya ito, at buksan niya para rito ang pinto ng kaginhawahan at pag-asa sapagkat iyon ay malaking dahilan ng paglusog at paggaling. Nararapat na ipaalaala niya rito ang pagbabalik-loob kay Allah sa paraang hindi nakapangingilabot para rito. Magsasabi, siya rito, halimbawa: "Sa sakit mong ito ay may matatamo kang mabuti sapagkat sa ang karamdaman ay ipinantatakip ni Allah sa mga pagkakasala at pinapawi Niya rin sa pamamagitan nito ang mga nagawang masama at baka ikaw ay magtamo pa, dahil sa pagkakaratay mo, ng maraming gantimpala dahil sa madalas na pag-aalaala kay Allah, paghingi ng tawad, at pananalangin."

## Ang Ikaanim na Karapatan

***Kapag namatay siya ay dumalo ka sa kanyang libing.*** Ang pagdalo sa libing ay kabilang sa mga karapatan ng isang Muslim sa kapwa niya Muslim. Sa pagdalong ito ay may nakalaang malaking gantimpala sapagkat napatotohanan buhat sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: ***"Ang sinumang dumalo sa libing hanggang sa madasalan ang patay ay magkakamit siya ng isang qírát; at ang sinumang dumalo rito hanggang sa mailibing ito ay magkakamit siya ng dalawang qírát."*** May nagsabi: "Ano po ang dalawang qírát?" Nagsabi siya: ***"Katulad ng dalawang malaking bundok."***

## Ang Ikapitong Karapatan

Kabilang sa mga karapatan ng isang Muslim sa kapwa Muslim ay ang iwasang gawan siya ng kapinsalaan sapagkat ang pamiminsala sa mga Muslim ay isang malaking kasalanan. Nagsabi si Allah (33:58): **"At ang mga namiminsala sa mga lalaking mananampalataya at mga babaeng mananampalataya na walang nagawang masama ay tunay na nagpasan na ng salang paninirang-puri at maliwanag na kasalanan."** Kadalasan, ang sinumang nagdulot sa kapwa niya Muslim ng kapinsalaan ay

pinaghihigantihan na ni Allah sa Mundo pa lamang bago pa sumapit ang Kabilang Buhay. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***"Huwag kayong magsuklaman, huwag kayong magtalikuran, datapuwat maging mga lingkod ni Allah bilang mga magkakapatid. Ang Muslim ay kapatid ng kapwa Muslim. Hindi niya ito ginagawan ng masama, hindi niya ito iniiwan sa sandali ng pangangailangan nito, at hindi niya ito hinahamak. Sapat nang kasamaan para sa isang tao na hamakin niya ang kapwa niya Muslim. Ang lahat ng nasa isang Muslim ay di-maaaring lapastanganin ng kapwa Muslim: ang kanyang buhay, ang kanyang pag-aari, at ang kanyang karangalan."***

Ang mga karapatan ng isang Muslim sa kapwa Muslim ay marami subalit maaaring ang masaklaw na kahulugan nito ay ang sinabi ng Propeta (SAS): *"Ang isang Muslim ay kapatid ng kapwa Muslim."* Sapagkat kapag isinagawa niya ang hinihiling ng pagkakapatirang ito ay magsisikap siya na hangarin para sa kapwa Muslim ang lahat ng mabuti at iiwasan ang lahat ng makapipinsala.

## 10. Ang Karapatan ng mga Di-Muslim

Ang mga di-Muslim ay binubuo ng lahat ng mga hindi sumasampalataya sa Islam. Sila ay binubuo ng apat na uri: mga *Harbi* (nakikipagdigma), mga *Musta'min* (nagpapatangkilik), mga *Mu'ahid* (nakikipagkasundo), at mga *Dhimmi* (di-Muslim na naninirahan sa isang bansang Muslim).

Ang mga Harbi ay walang karapatan sa atin na pangalagaan o tangkilikin. Ang mga Musta'min ay mayroong karapatan sa atin na pangalagaan sa loob ng takdang panahon at takdang lugar sapagkat ang sabi ni Allah (9:6): **"At kung may isang kabilang sa mga Mushrik na nagpakanlong sa iyo ay kanlungin mo siya upang marinig niya ang Salita ni Allah at pagkatapos ay ihatid mo siya sa pook na ligtas siya...."**

Ang mga Mu'ahid ay mayroong karapatan sa atin na tuparin ang kasunduan sa kanila hanggang sa [illegible] panahong may bisa pa ang kasunduan sa pagitan natin at nila, hanggat nananatili

silang tapat sa atin sa kasunduan, wala silang anumang nilalabag, wala silang sinumang tinutulungan laban sa atin, at hindi nila pinupulaan ang ating pananampalataya sapagkat ang sabi ni Allah (9:4): **"Maliban sa mga Mushik na ginawan ninyo ng kasunduan at pagkatapos ay hindi nagkukulang sa inyo ng anuman at hindi nakipagtulungan laban sa inyo sa isa man. Kaya tuparin ninyo sa kanila ang kasunduan sa kanila hanggang sa takdang panahon nila. Tunay na minamahal ni Allah ang mga nangingilag magkasala. "** Sinabi pa Niya (9:12): **"Subalit kung sumira sila sa kanilang mga sinumpaan matapos ang pagtitibay nila at tinuligsa nila ang inyong pananampalataya, kalabanin ninyo ang mga pinuno ng kawalang-pananampalataya—tunay na sila ay wala silang pagtupad sa mga sinumpaan..."**

Ang mga *Dhimmi* naman, sa lahat ng uri ng mga di-Muslim, ay sila ang may pinakamaraming karapatan at tungkulin. Iyon ay sapagkat sila ay namumuhay sa bayan ng mga Muslim at nasa ilalim ng kanilang pangangalaga at kanilang pagtangkilik kapalit ng *jizyah* (buwis) na ibinibigay nila sa pamahalaan. Tungkulin ng namumuno sa mga Muslim na ipairal sa kanila ang patakaran ng Islam sa mga kasong kaugnay sa buhay, ari-arian, at karangalan at ipatutupad naman sa kanila ang mga kahatulang ukol sa paglabag sa pinaniniwalaan nilang ipinagbabawal. Tungkulin din ng pamahalaang Muslim na pangalagaan sila at iwasang makagawa kapinsalaan sa kanila.

Kailangan din na makilala sila sa mga Muslim sa pamamagitan ng mga kasuutan, na hindi sila magpapakita sa publiko ng anumang bagay na minamasama sa Islam o bagay na may kaugnayan sa kanilang relihiyon tulad ng kampana at krus. Ang mga alituntunin para sa mga *Dhimmi* ay matatagpuan sa mga aklat ng mga pantas ng Islam. Hindi na natin pahahabain dito ang tungkol doon.

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang; pagpalain at pangalagaan ni Allah ang ating Propeta na si Muhammad, at ang lahat ng kanyang mag-anak at kanyang mga Kasama.

تجالوج - ٢١٠

# حقوق دعت إليها الفطرة

ردمك: ٨-٣٩-٨١٣-٩٩٦٠

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بسلطانة
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
هاتف ٤٢٤٠٠٢٢ ناسوخ ٤٢٥١٠٠٥ ص ب ٩٢٦٧٥ الرياض ١١٦٦٣ بريد إلكتروني E mail : Sultanah22@hotmail.com

Co-operative office for Call & foreigners Guidance at Sul